

**Terminolohiya Kaugnay ng COVID-19  
(Salin sa Filipino)**

**EAG Narvaez**

**Lathalaang Estilong Filipino  
2020**

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

## Panimula

Nang nanalanta sa Lungsod Tacloban ang bagyong Yolanda noong 2013 at maraming namatay, naging malaking panawagan ng maraming Filipino ang paglalabas ng mga impormasyon hinggil sa kalamidad—mulang bagyo, lindol, pagbaha, tsunami, pagguho ng lupa, at pagputok ng bulkan, upang umano'y maunawaan ng lahat ng mamamayan ang panganib ng mga nabanggit na kalamidad at makapagsagawa ng maagap na tugon upang maiwasan ang mga pinsala at pagkamatay.

Nitong pagpasok ng Enero 2020, pumutok ang Bulkang Taal sa Batangas. Nabuhay muli ang panawagan ng mga mamamayan lalo na ng mga nasalanta sa Batangas at kalapit na lugar. May ilang naglabas ng infographics na nagpapaliwanag sa iba-ibang aktibidad ng bulkan tulad ng pagkakaiba ng spew at plume; ng magma, lava, at pyroclastic flow; ng phreatic, volcanic, at magmatic eruption; at pagpapaliwanag sa pagkakaiba ng Level 0 hanggang Level 5 ng Volcanic Alert at mga panganib sa kalusugan na dulot nito. Hindi pa natatapos ang buwan ng Enero at ang krisis na epekto ng pagputok ng Bulkang Taal, pumutok naman ang balita sa isang mapanganib na nakahahawang sakit na tinatawag na COVID-19.

Noon ding Enero 2020, inilunsad ko na sa aking personal na account sa Facebook (FB) ang **hashtag Filipino Dapat (#FilipinoDapat)** at sinimulan kong maghanap ng mga umiiral nang materyales na nakasulat sa Filipino. Ilan sa mga nahanap ko ang mga brochure, pamphlet, infographics, at pubmat sa iba-ibang paksa tulad ng mga dapat mabatid ng madla sa paghahanda sa iba't ibang uri ng kalamidad; gayundin ang tungkol sa paalala at pabatid tungkol sa sakit tulad ng polyo, dengue, at HIV.

Sa nagaganap na development ng sakit na COVID-19 at mabilis na pag-akyat ng bilang ng paghahawang lokal (local transmission) sa bansa, naglitawan ang mga talakayan hinggil sa paglilinaw sa terminong malimit na binabanggit ng Department of Health (DOH). Marami akong natatanggap ng personal na mensahe sa FB at sa text kung ano ang salin sa Filipino ng ganito at ganiyan. Halimbawa, ano sa Filipino ang quarantine at isolation at ano ang pagkakaiba nito. Kaya bukod sa pagpapakahulugan, kailangan pa ring ipaliwanag nang masinsinan ang dalawa. Kahit nga ang salin sa Filipino ng panic buying at hoarding ay naitanong kaya isinama na rin sa listahan. Kapag nakatanggap ng ganitong mensahe, naobligang saliksikin ang depinisyon at sinisikap na ring hanapan ng salin ngunit maraming termino na itinuturing na jargon sa larang ng medisina ang mahirap talagang hanapan ng katumbas sa Filipino (o maaaring hindi ko pa napag-iisipan kung ano ang pinakaangkop na katumbas sa Filipino).

Kaya sa gabi ng Marso 14 hanggang sa umaga ng Marso 15, sinimulan na ang paglilista ng mga terminong madalas na nababanggit sa mga presscon ng DOH at habang ginagawa ang pagpapakahulugan, humaba nang humaba ang listahan hanggang umabot sa higit 40 salita. Kada kasi may ipinapaliwanag na isang depinisyon, hindi maiwasang may lumitaw na kailangan ding linawin. Ngayon ang panahong dapat ay nasa wikang Filipino ang lahat ng impormasyon, infographics man iyan, memorandum o advisory, press conferences, babala, paalala, balita, at kung ano-ano pa, hinggil sa Covid-19 at sa lahat ng isyu na kailangang malaman ng mamamayan.

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

Ang advocacy kong ito ay bunsod ng karanasan at pagkamulat sa pagiging bahagi ng iba't ibang institusyon. Pinakauna na ang pagiging kasapi ko mula pa noong 2004 ng Filipinas Institute of Translation (FIT), isa sa pinakamatandang organisasyon sa salin, na nagbigay sa akin ng malawak na karanasan sa pagsasalin at iba pang gawaing pangwika, na magpasahanggang ngayon ay patuloy na lumilinang sa akin bilang isang tagasalin. Ikalawa, dahil sa mithiing pagsasa-Filipino ng mga termino sa pagbabalita at kung paano gagamitin ang Filipino sa pagbabalita na isang pinakapangunahing nagpapalaganap ng impormasyon sa madla, iniluwal namin ang proyektong Estilong Filipino (EF) na nagsisikap na bumuo ng isang Manwal sa Peryodismong Pangkampus at bahagi nito ang pagbuo rin Gabay sa Paksa (Topical Guide) na maaaring gamitin ng mga peryodista sa pagbabalita tulad ng development ngayon sa COVID-19. Kaya, ang terminolohiyang ito ay magiging bahagi ng nabanggit na Gabay sa Paksa at ilalabas sa Estilong Filipino Facebook Page. Ikatlo, ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) at Kolehiyo ng Arte at Literature (KAL) na mga institusyon sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD), na aking pinaglilingkuran bilang Katuwang na Propesor, na patuloy na nakikilahok sa mga gawaing pangkomunidad na makatutulong sa pagpapalaganap ng impormasyong mapakikinabangan ng madla lalo't isa sa pinakapangunahing layunin ng UP ay ang paglilingkuran ang mga mamamayan nito. **At dahil para ito sa mamamayan, malayang gamitin ng sinuman ang mga terminolohiya at pagpapaliwanag na inilatag dito nang may pagkilala sa tagasalin.** Gayunman, hindi pa pinal ang salin na ito, ibubukas ito sa talakayan lalo na sa mga eksperto sa kalusugan at medisina, para sa lalo pang pagpapayam ng terminolohiya at mga depinisyong naisáma dito. Maging umpisa rin sana ito sa mas marami pang pagsasa-Filipino ng mga terminolohiya sa iba pang larang na dapat mabatid ng madla.

KASAMA ANG WIKA SA LABAN NATING ITO! [#FilipinoDapat](#)

EAG Narvaez

*Tagasalin*

*Unang inilabas noong Marso 15*

*Isinapanahon ngayong Marso 20*

*Tala: Ang nilalaman ng glosaryo ay hango sa mga lumabas na pabatid mula sa Department of Health (DOH) at World Health Organization (WHO) at patuloy itong isasapanahon (update) sa mga pagbabago ring ipinapaskil kaugnay ng development ng sakit na COVID-19 at virus na SARS-CoV-2, at batay rin sa komentaryo ng mga sinasangguning doktor at dalubhasa sa mikrobiyolohiya at virolohiya. Pangunahing sanggunian din ang UP Diksiyonaryong Filipino (2010) sa ilang salita.*

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

## **Gabay sa Paggamit**

Ang terminolohiya ay nakaayos nang alpabetiko para sa mas madaling paghahanap. May terminong hindi tinumbasan sa Filipino sapagkat itinuturing sa ngayon bilang bahagi ng teknikal na termino, na kung pipiliting isalin sa Filipino ay maaaring mas makalitó lalo na yaong may kilalang akronim. Ngunit, bukás pa rin sa posibilidad na makahanap ng angkop sa salin sa hinaharap. Sa kabilang banda, may ilang terminong mas popular sa Ingles kaya iyon ang lahoc dito ngunit kay may mungkahing salin sa Filipino ay ipinapaloob ito sa parenthesis ( ) na maaaring gamitin kung angkop.

Isang malamáng glosaryo ito dahil bukod sa binibigyan ng pakahulugan ang salita, nagsisikap ding magbigay ng mas malalim na paliwanag tungkol sa kaugnayan nito sa Covid-19 na kinakailangan ng mamamayan.

*Isang eksperimental na edisyon ito at patuloy na babaguhin depende sa magiging puna o mungkahi at magiging sariling pananaliksik pa sa pagtrato sa mga salita.*

## NILALAMAN

airborne  
airborne disease  
Alert System (Sistemang Hudyat sa Pagtugon)  
alkohol (alcohol)  
antibiyotiko (antibiotic)  
antiseptiko (antiseptic)  
asintomatiko (asymptomatic)  
Bureau of Quarantine (Kawanihan ng Kuwarantena)  
carrier (tagapagdala)  
Code Blue Alert  
Code Red Alert  
Code White Alert  
community quarantine (kuwarantenang/kuwaranting pangkomunidad)  
community spread (paglaganap sa komunidad)  
comorbid  
Contact Tracing (Pagtunton sa Nakasalamuha)  
coronavirus (CoV)  
COVID-19  
disinfectant  
Department of Health (DOH)  
droplet (patak)  
epidemya (epidemic)  
exposure (pagkalantad/eksposyur)  
face mask  
GenAmplify™ COVID-19 rRT-PCR Detection Kit  
handwashing  
Health Declaration Checklist (HDC)  
high-risk  
hoarding  
immune system  
impeksiyon (infection)  
incubation period (yugto ng ingkubasyon)  
isolation (pagbubukod)  
lisól  
Local Transmission (Paghahawang Lokal)  
lockdown  
N95-respirator  
novel  
mortality / mortality rate (antas ng pagkamatay)  
outbreak  
paghuhugas ng kamay (hand-washing)  
pandemya (pandemic)  
panic buying  
pathogen (patohéno)  
Person Under Investigation (PUI)  
Person Under Monitoring (PUM)  
person-to-person/human-to-human (tao-sa-tao)  
Personal Protective Equipment (PPE)  
Philippine Genome Center (PGC)

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

presintomátikó (pre-symptomatic)  
Public Health Emergency (PHE)  
quarantine (kuwarantena, kuwarantin)  
Research Institute for Tropical Medicine (RITM)  
sanitizer  
SARS-Cov-2  
self-quarantine (awtokuwarantena)  
sintomátikó (Symptomatic)  
social distancing (pagpapanatili ng tiyak na distansiya sa isa't isa)  
test kit  
virus  
work from home (trabaho-sa-bahay)  
World Health Organization (WHO)

## A

### **airborne**

Nadadala o natatangay ng hangin.

### **airborne disease**

Sakit na lumalaganap kapag ang táong may impeksiyon ay umubo, bumahing, o magsalita at ang maliliit na patak ng likido na lumalabas sa kaniyang ilong o bibig ay natatangay ng hangin at maaaring malanghap ng iba o manatili sa mga bagay na kinatalsikan nito. Halimbawa ng mga sakit na dala ng hangin ang trangkaso, bulutong, beke, tigdás, at tuberkulosis, Samantala, wala pang patunay na ang COVID-19 ay isang sakit na airborne o dala ng hangin.

### **Alert System (Sistemang Hudyat sa Pagtugon)**

Ang **Alert System (Sistema ng Hudyat sa Pagtugon)** ay ang impormasyon na nagpapakíta ng iba't ibang antas ng hudyat sa pagtugon ng Department of Health (DOH) sa COVID-19. Dito nila ibabatay ang magiging pagtugon ng mga awtoridad sa kaso ng COVID-19. Tingnan ang **Code White Alert, Code Blue Alert, Code Red Alert**.

### **alkohol (alcohol)**

Likidong kemikal na ginagamit pampuksa ng mikrobyo, maaaring itong ethyl o isopropyl, ngunit yaong may konsentrasyong 70% lamang ang epektibong antispetiko o panlaban sa impeksiyon.

### **antibiyotiko (antibiotic)**

Mesidina na pumipigil sa pagdami ng o pumupuksa sa mikroorganismong nagdudulot ng impeksiyon.

*Mahigpit na paalala ng DOH at WHO na huwag iinom ng anumang antibiyotiko para sa sintomas ng COVID-19 dahil wala pang natutuklasan anumang gamot para dito,*

### **antiseptiko (antiseptic)**

Substance, tulad ng alkohol, na pumupuksa sa mga mikroorganismong nagdudulot ng sakit. Ginagamit ito sa balát.

### **asintomatiko (asymptomatic)**

Walang anumang sintomas. May sakit man o wala ay maaari itong gamitin. Tingnan ang **presintomátikó**.

## B

### **Bureau of Quarantine (Kawanihan ng Kuwarantena)**

Ahensiya ng pamahalaan na nasa pamamahala ng Department of Health (DOH) na may tungkuling magsubaybay sa lagay ng kalusugan sa loob at labas ng bansa upang maiwasan ang paglaganap ng mga sakit.

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

## C

### **carrier (tagapagdala)**

Táong may impeksiyon ngunit asintomatiko o walang ipinapakitang sintomas, at maaaring maaaring makahawa sa iba.

### **Code Blue Alert**

Sistemang Hudyat sa Pagtugon ng Department of Health (DOH) na nangangahulugang may natukoy nang imported na kaso ng impeksiyon sa loob ng bansa o pagkakaroon ng sakít ng isang táong nagmula sa ibang bansa at natukoy na positibo habang nasa loob ng Filipinas.

Tugon ng awtoridad:

- Patuloy ang pagsasagawa ng awtoridad sa pagmonitor ng mga kumpirmadong kaso sa ibang bansa
- Pagbabantay sa mga paliparan o pantalan na nagiging pásúkan (point of entry) ng mga táong mula sa ibang bansa
- Paghihigpit sa pagpapasagot sa Health Declaration Checklist ng Bureau of Quarantine (Kawanihan ng Kuwarantena) sa mga táong pumapasok sa bansa.
- Magsisimula nang bumuo ang pamahalaan ng inter-agency task force sa paglaganap ng nakahahawang sakít at makabuo ng tiyak na patnubay para sa pagsubaybay sa COVID-19.
- Inaasahang may naihanda nang pasilidad sa pagsusuri sa mga sospetsang kaso ng COVID-19.
- Inaasahang kompleto na ang imbentaryo, paghahanap at pagbili (procurement) ng mga kailangang kasangkapang pamproteksiyon at mga suplay, at distribusyon nito sa mga awtoridad na tumutugon sa COVID-19.
- Pagpapataw ng restriksiyon sa paglabas-masok sa bansa (travel restriction).
- Pagsasagawa ng kuwarantena (quarantine) at pagbubukod (isolation) sa mga pasyente. Pagpapaiwas sa mga mamamayan sa pagpunta sa matataong lugar.

*Itinaas ng Department of Health (DOH) ang Code Blue Alert nang makumpirma ang pinakaunang imported na kaso ng COVID-19 sa Filipinas nang magpositibo ang isang lalaking Chino na mula sa Wuhan, China, na agad ding namatay dahil sa malubhang pulmonya.*

### **Code Red Alert**

Sistemang Hudyat sa Pagtugon ng Department of Health (DOH) na nangangahulugang may natukoy nang lokal na transmisyong ng sakít o táong nagpositibo sa sakít na COVID-19 kahit hindi lumabas ng bansa, at naging patuloy ang mabilis na tao-sa-táong paglaganap ng sakít.

Tugon ng awtoridad:

- Mas marami nang ahensiya ng gobyerno ang kasangkot sa pagtugon tulad ng mga Local Government Unit (LGU), Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Transportation (DOT), na magiging katuwang ng DOH.

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*



- Magsisimula na ang pagtunton sa mga nakasalamuha (contact tracing) ng táong nagpositibo sa COVID-19.
- Priyoridad na masuri at mabigyan ng atensiyong medikal ang mga bulnerable o mga táong mahihina ang katawan, gayundin ang mga madaling mahawahan tulad ng matatanda at yaong may nauna nang ibang sakít (high-risk).
- Magiging malawakan din ang diseminasyon ng kaalaman upang pawiin ang tákot, pagkabahala, at pagkabalisa ng publiko.

*Itinaas ng Department of Health (DOH) ang Code Red Alert nang makumpirma ang pinakaunang kaso ng lokal na transmisyong COVID-19 sa Filipinas at naging dahilan din ng pagdedeklara ng pamahalaan ng isang Public Health Emergency (PHE).*

### **Code White Alert**

Sistemang Hudyat sa Pagtugon ng Department of Health (DOH) na nangangahulugang may natukoy nang kaso ng impeksiyon sa labas ng bansa.

Tugon ng awtoridad:

- Ang Department of Foreign Affairs (DFA) at ang mga embahada ay magsisimula nang makipag-ugnay sa pamahalaan ng ibang bansa, magmonitor ng mga kumpirmadong kaso sa ibang bansa, magbantay sa mga paliparan o pantalan na nagiging pásukan (point of entry) ng mga táong mula sa ibang bansa, maghihigpit sa pagpapasagot sa Health Declaration Checklist ng Bureau of Quarantine (Kawanihan ng Kuwarantena).
- Pagbuo ng technical working group (TWG) na magtatalakayan sa magiging hakbang sa pagtugon.
- Paghahanda ng lahat ng kinakailangang kagamitang pamproteksiyon (personal protective equipment)
- Pagsasapanahon (updating) ng mga protokol mula sa dáting karanasan sa pagharap sa katulad na sakít.

*Nang mabalitaan ang mabilis na pagdami ng kaso ng COVID-19 sa China, Hongkong, Italia, America, Singapore, at iba pang bansa sa Asia at Europa, itinaas ng Filipinas ang Code White Alert.*

### **community quarantine (kuwarantenang pangkomunidad)**

Pagbabawal sa pagpasok-paglabas ng simumang naninirahan sa isang pook na may outbreak, maliban kung kailangang pumasok sa trabaho, bumili o kumuha ng batayang pangangailangan tulad ng pagkain at tubig, at iba pang katulad; at pagtatalaga ng mga unipormadong personel at mga opisyal na magsasagawa ng kuwarantena sa mga hanggahan ng lugar. Tinatawag itong **general community quarantine (pangkalahatang kuwarantenang pangkomunidad)**.

*Mula 15 Marso 2020, ipatutupad ang kuwarantenang pangkomunidad (community quarantine) sa buong Metro Manila na ayon sa pamahalaan ay isang hakbang upang mapigilan ang paglaganap ng COVID-19 sa ibang lugar sa Filipinas. Pangungunahan ito ng mga Local Government Unit (LGU), Department of Health (DOH), at ng Department of Interior and Local Government (DILG).*

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

Pinalawig pa ang kuwarantenang pangkomunidad sa pamamagitan ng suspensiyon ng eskuwela, pagsasara ng mga mall, pagpapatupad ng paghahalinhan ng mga kawani sa bawat opisina, limitasyon sa biyahe ng pampublikong transportasyon tulad ng LRT at MRT, at kanselasyon ng mga biyahe sa eroplano sa mga bansang may naiulat na kaso ng COVID-19, gayundin ang mga biyaheng mulang Maynila patungo sa ibang lugar sa Filipinas. Tinatawag itong **Enhanced Community Quarantine (Pinalawig na Kuwarantenang Pangkomunidad)**.

### **community spread (paglaganap sa komunidad)**

Paglaganap ng isang sakit sa isang komunidad tulad ng baranggay, at walang nakatitiyak kung paano nahawa sa iba ang táong nagkasakit o kung saan niya ito eksaktong nakuha.

*May ilang kaso ng coronavirus na natutukoy agad ang pinanggalingan, halimbawa, ang nakasalamuhang tao o lugar na pinuntahan ng táong nagkasakit, ngunit hindi ang COVID-19 na sinasabing nagkaroon na ng paglaganap sa komunidad (community spread).*

### **comorbid**

Pagkakaroon ng sakit ng isang taong may iba pang sakit.

### **contact tracing (pagtunton sa nakasalamuha)**

Pagtukoy at pagsubaybay sa kondisyon ng mga táong posibleng nakasalamuha ng táong may nakahahawang sakit tulad ng COVID-19.

### **coronavirus (CoV)**

Ang coronavirus ay isang malaking pamilya ng mga virus na nagdudulot ng sakit mula karaniwang sipon hanggang higit na malubhang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS CoV), Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS CoV), at ngayon, ang COVID-19. Naisasalin ito sa mga hayop at sa mga tao.

Gamitin ang **coronavirus**, itinuturing na siyentipikong termino sa larang ng medisina, sa halip na korona bayrus o korona. Mula ang termino sa wikang Latin na nangangahulugang korona na isinusuot sa ulo o bilog na liwanag na anyong singsing.

Sa kontekstong Filipino, korona rin ang tawag sa bulaklak sa patáy, bukod sa tunay na kahulugan nitong púton na maraming adorno at karaniwang may hiyas.

*Karaniwang sintomas ng COVID-19 ang lagnat, pagkaramdam ng matinding págod, tuyóng ubo, pasinghap o kapós na paghinga. May ilang pasyente ring maaaring makaranas ng pananakit ng kasukasuan, baradong ilong, tumutulòng sipon, magâ at masakit na lalamunan, o pagtatae. Kung lumala, maaaring magdulot ng pulmonya (pneumonia), severe acute respiratory syndrome (SARS), paghina ng bató (kidney), at pagkamatay.*

### **COVID-19**

Isang akronim ng sakit na tinatawag na **coronavirus disease 2019** (naunang nakilála bilang **2019 novel coronavirus**). Isang bagong virus na mula sa pamilya ng coronavirus (CoV), ang SARS-CoV-2, ang nagdulot ng sakit na ito na unang natukoy sa Wuhan, Probinsiya ng Hubei, China, na

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

lumaganap sa mga tao mula noong Disyembre 2019. Ayon sa ilang pananaliksik ng mga siyentistang Chino, hinihinalang ito ay naipása sa mga tao dahil sa pagkain ng pangolin (ant eater), ngunit kailangan pa ng malalimang pag-aaral upang ito ay makumpirma.

Gamitin ang **COVID-19** upang tukuyin ang bagong sakit mula sa pamilyang coronavirus sa halip na corona, nCoV, o CoV, dahil ito na ang opisyal na pangalan ng sakit na ito na gamit ng World Health Organization (WHO).

*Ang pagsisikap na tuklasin ang pinagmulan ng virus, tulad ng COVID-19, ay upang maiwasan ang lalo pang paglaganap nito. Ang hinalang mula sa hayop ang patóhenó (pathogen) ng sakit na ito ay mula sa kasaysayan din ng pinagmulan ng ibang coronavirus tulad ng SARS-CoV na mula sa paniki at naipása sa tao sa pamamagitan ng músang (civet cat) at ng MERS-CoV na naipása sa tao dahil sa kontak sa kamelyo (camel).*

## **D**

### **Department of Health (DOH)**

Isang ahensiya sa pamamahala ng sangay ehekutibo ng Filipinas na may pangunahing tungkuling magkaloob ng serbisyo sa batayang kalusugan ng publiko (basic public health services) ng mga Filipino sa pamamagitan ng paglikha ng mga probisyon sa de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at regulasyon ng lahat ng serbisyo at produktong pangkalusugan.

Kilala rin sa tawag na **Kagawaran ng Kalusugan**. Alinman sa dalawa ay maaaring gamitin.

*Ang Department of Health ay kasalukuyang pinamumunuan ni Dr. Francisco Duque, bilang kalihim. Samantala, si Dr. Maria Rosario S. Vergeire na madalas na naririnig na nagpapaliwanag hinggil sa COVID-19 at katuwang ni Kalihim Duque, ay ang kasalukuyang Katuwang na Kalihim Pangkalusugan ng Pangkat na namamahala sa mga Serbisyong Pangkalusugan ng Publiko (Public Health Services Team).*

### **disinfectant (pamatay-bakterya)**

Likidong kemikal na pumupuksa sa bakterya tulad ng lisol. Hindi ginagamit sa balát kundi sa mga bagay o di-buháy na rabáw (surface) lamang.

### **droplet (patak)**

Patak na tumatalsik mula sa bibig o ilong (laway, hininga, uhog o sipon) kapag umubo o bumahing, nagsalita, o kahit sa paghinga, at naiiwan sa mga bagay o lugar na tinalsikan nito. Ito ang sinasabing pinakapangunahing dahilan ng pagkalat ng COVID-19, dahil sa hindi nakikitang mga patak na nahahawakan at pagkaraa'y hindi namamalayang idadampi ang kamay sa mata, ilong, o bibig.

## **E**

### **epidemya (epidemic)**

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

Halos katulad ng outbreak ngunit mas malawakan ang naging paglaganap ng sakit sa isang komunidad sa loob ng isang panahon. Mas maliit ang sákop nito kaysa **pandemya (pandemic)**.

*Dahil sa napakabilis at malawakang paglaganap ng COVID-19 sa buong China, agad itong itinuring na epidemya.*

**exposure (pagkalantad/eksposyur)**

Pagkakalantad sa taong may sakit.

*Itinuturing na PUM ang isang taong nalantad sa pasyenteng kumpirmadong may COVID-19.*

**F**

**face mask**

Anumang pantakip sa ilong na gawa sa tela o gása (gauze) na káyang tumakip sa ilong at bibig upang magbigay ng proteksiyon sa alikabok o usok; o kayâ'y gawa sa esterilisdong gása at isinusuot upang maiwasan ang pagkakaroon ng impeksiyon ng sinumang nagsusuot (tulad ng isinusuot ng mga nasa ospital, pasyente man o naglilingkod sa ospital). Upang mas espesipiko, tinatawag na "surgical face mask" ang ikalawa. Tingnan ang **N95-respirator**.

Gamitin ang face mask, hindi facemask.

*Sa kaso ng COVID-19, ang surgical face mask ang higit na magbibigay ng proteksiyon upang maiwasan ang pagkahawa sa sakit o pagkakatatag ng sakit kaysa face mask na gawa sa ordinaryong tela.*

**G**

**GenAmplify™ COVID-19 rRT-PCR Detection Kit**

Lokál na kit para sa deteksiyon ng COVID-19 na dinevelop ng pangkat ng mga siyentistang pinamunuan ni Dr. Raul Destura na mula sa UP Philippine Genome Center (PGC) at National Institutes of Health ng Unibersidad ng Pilipinas Maynila.

**H**

**handwashing**

Tingnan ang **paghuhugas ng kamay**.

**Health Declaration Checklist (HDC)**

Pormularyong pinasasagutan ng Bureau of Quarantine (BoQ) sa mga kararating na biyaherong dumaan sa paliparan. Naglalaman ito ng personal na impormasyon at detalye ng naging biyahe sa loob ng hulíng 30 araw.

**high-risk (pinakananganganib)**

Mga táong may mas mataas na posibilidad ng pagkakasakit o mahawahan ng sakit.

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

Sa ngayon, inaalam pa ng mga siyentista ang epekto ng COVID-19 sa mga tao ngunit batay sa mga datos na lumilitaw sa komparasyon ng iba-ibang kaso ng mga pasyenteng may COVID-19, pinakananganganib na dapuan nito ang matatanda at mga táong may nauna nang ibang sakít tulad ng alta-presyon (high blood pressure), diyabetes, sakít sa puso, sakít sa bagà, o kanser.

### **hoarding**

Pag-iipon at pag-iimbak ng mga bagay para sa gamit sa hinaharap, halimbawa ng pagkain, sa oras ng kakulangan sa suplay.

## **I**

### **immune system**

Depensa ng katawan laban sa sakít tulad ng impeksiyon, pinupuksa nito ang mga mikrobyong pumapasok sa katawan at tumutulong na mapanatili ang malusog na pangangatawan.

*Bukod sa pagpapanatili ng kalinisan, isang pinakamabisang panlaban sa COVID-19 ang malakas na immune system na matatamo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat na túlog, pag-inom ng maraming tubig, pagkain ng masusustansiyang pagkain, at pag-eehersisyo.*

### **impeksiyón (infection)**

Pagpasok sa katawan ng alinman sa mikroorganismong tulad ng bakteryá, virus, mikrobyo, at iba pa na nagdudulot ng sakít.

### **incubation period (yugto ng ingkubasyon)**

Panahon mula sa pagpasok ng virus sa katawan hanggang sa pagsisimula ng paglabas ng sintomas nito.

*Ayon sa World Health Organization (WHO), ang yugto ng ingkubasyon ng COVID-19 ay 1 araw hanggang 14 na araw, ngunit karamihan ay nakikitahan na ng sintomas pagkaraan ng limang (5) araw.*

### **isolation (pagbubukod)**

Paghiwalay sa táong may sakít sa mga táong walang sakít upang mapigilan ang paglaganap ng sakít.

*Protokol sa mga ospital na ibukod sa ibang pasilidad ang mga pasyenteng may nakahahawang sakít tulad ng COVID-19 sa ibang pasyente.*

## **J**

## **K**

## **L**

**lisól**

halò ng cresol (uri ng kemikal) at sabon at ginagamit na pang-alis ng mikrobyo.

**Local Transmission (Paghahawang Lokal)**

Nagaganap na paghahawa sa loob o kalapit na komunidad.

**lockdown**

Karaniwang ipinapataw ng awtoridad, isang emergency protokol na nagbabawal sa mga tao na umalis sa isang lugar.

**M****mortality / mortality rate (antas ng pagkamatay)**

Bilang ng namamatay sa isang partikular na lugar sa isang partikular na panahon, at sinusukat sa pamamagitan ng paghahati ng kabuoang bilang ng namatay sa bilang ng maysakit.

**N****N95-respirator**

Pantakip sa ilong upang magbigay ng higit na proteksiyon laban sa sakít sa bagà o pulmon dahil ginawa itong mas sukát at lapát sa kurba ng ilong at mukha kayâ mas mataas ang kakayahan nitong sumalà ng maliliit na partikulo sa hangin, gayundin, mas tiyak na hindi makalalanghap ng mikrobyo.

*Bukod sa surgical face mask, inrekomenda rin ng Department of Health (DOH) ang pagsusuot ng N95-respirator lalo na yaong nagtatrabaho sa mga ospital.*

**novel**

Nangangahulugang bago at walang katulad. Mula sa Latin na *novellus* o *novus*.

*Nang biglang kumalat ang isang bagong sakít na nagdudulot ng lagnat at malubhang ubo, tinawag itong novel coronavirus bago naging COVID-19 upang maiba sa SARS at MERS na may parehong sintomas.*

**O****outbreak**

Biglang paglaganap ng sakít sa maraming tao. Tingnan ang **epidemya** at **pandemya**.

*Unang naitala ang paglaganap ng sakít na COVID-19 (outbreak) noong Disyembre 2019 sa Wuhan, China.*

**P****paghuhugas ng kamay (hand-washing)**

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

Isa ito sa mga pinakaepektibong paraan ng pag-iwas sa anumang sakít ayon sa World Health Organization (WHO).

*Ang Department of Health (DOH) ay may inilabas na hakbang-hakbang na gabay tungkol sa tamang paghuhugas ng kamay at upang kailangang gawin sa loob ng 20 segundo upang mapuksa ang mikrobyo.*

Limang salita ang kailangang tandaan sa paghuhugas ng kamay: (1) Basain, (2) Sabunin-Pabulain, (3) Kuskusin, (4) Banlawan, (5) Tuyuin.

### **pandemya (pandemic)**

Malawakang paglaganap ng sakít sa buong daigdig sa loob ng isang panahon. Mas malawak ang sákop nito kaysa **epidemya (epidemic)**.

*Idineklara ng World Health Organization (WHO) ang COVID-19 bilang isa nang pandemya dahil sa paglaganap nito sa halos 114 bansa at pumatay sa tinatáyang 4,000 katao sa buong daigdig.*

### **panic buying**

Pagbili ng (mga) produkto nang mas marami kaysa kailangan dulot ng tákot ng pagkaubos ng produkto o napipintong pagtaas ng presyo.

### **pathogen (patohéno)**

Bakterya, virus, fungus, mikrobyo, o iba pang mikroorganismong nagdudulot ng sakít.

*Ang COVID-19 ay isang uri ng patohéno.*

### **Person Under Investigation (PUI)**

Tao na kapuwa nagpapakita ng sintomas ng COVID-19 at nagbiyahe sa mga bansang may kumpirmadong kaso ng paghahawalang lokal o nakasalamuha ang isang táong kumpirmadong may COVID-19.

*Inirerekomenda ng DOH na ipasok sa ospital ang isang PUI kung nakatatanda o may ibang sakit, o kung malubha ang sintomas; at kuwarantena sa bahay sa mga hindi malubha ang sintomas.*

### **Person Under Monitoring (PUM)**

Tao na karaniwang walang ipinakikitang sintomas ng sakít ngunit nagbiyahe sa mga bansang may kumpirmadong kaso ng paghahawang lokal o nakasalamuha ang isang taong kumpirmadong may sakít. Inaatasan ng DOH ang isang PUM na magsagawa ng **awtokuwarantena (self-quarantine)** sa kanilang tahanan, sa loob ng 14 na araw.

*Bibigyan ng kinauukulan ang isang PUM ng katibayan ng pagtatapos ng 14 na araw ng kuwarantena sakaling hindi nagpakita ng sintomas ng COVID-19.*

### **person-to-person/human-to-human (tao-sa-tao)**

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*

Isang paraan ito ng pagkahawa sa isang sakít, at nangangahulugang ng paglaganap ng virus mula sa isang tao patungo sa isang tao dahil sa inter-aksiyon sa isa't isa, maaaring sa pamamagitan ng aktuwal na pisikal na pakikisalamuha o sa simpleng pag-ubo o pagbahing nang malapit sa isa't isa.

*Napatunayan ng mga siyentista na ang COVID-19 ay naipapása nang tao-sa- tao kayâ inirekomenda nila ang pagpapanatili ng tiyak na distansiya sa isa't isa (social distancing) kapag nasa publikong lugar, bukod sa pagsasagawa ng hakbang sa pagpapanatili ng kalinisan at kalusugan.*

### **Personal Protective Equipment (PPE)**

Alinman sa mga isinusuot na pamproteksiyon tulad ng damit, helmet, goggle, face mask, bota, guwantes, at iba pang kasuotang idinisenyo upang magbigay ng proteksiyon sa pinsala o impeksiyon.

### **Philippine Genome Center (PGC)**

Isang multi-disiplinaryong pasilidad sa pananaliksik sa genoma (genome) sa Filipinas. Kasalukuyang nakaimbak dito ang GenAmplify™, ang test kit na nadevelop ng National Institutes of Health ng Unibersidad ng Pilipinas Maynila, na maaaring gamitin sa deteksiyon ng COVID-19 sa katawan ng tao.

### **presintomátikó (pre-symptomatic)**

Ito ang pinakaunang yugto ng sakít na wala pang anumang sintomas na nakikíta sa táong nagtataglay ng isang partikular na sakít. Tingnan ang **sintomátikó (symptomatic)** at **asintomátikó (asymptomatic)**.

*Ayon sa World Health Organization (WHO), may nangyayaring presintomatikong transmisyon sa unang tatlo hanggang ikalimang araw ng pagkakaroon ng COVID-19. Ibig sabihin, maaari nang makahawa kahit hindi pa sintomatiko o nagpapakita ng sintomas ng COVID-19.*

### **Public Health Emergency (PHE)**

Ang Public Health Emergency (PHE) ay idinedaklara ng isang pamahalaan kapag may malaking bantâng pangkalusugan sa mga mamamayang sakop nito, karaniwang dulot ng epidemya lalo ng isang pandemya, upang mabigyan ng mas madali at mabilis na akses ang pamahalaan sa espesyal na pondo at iba pang mapagkukunan (resources) na tutugon sa krisis sa pampublikong kalusugan.

Mungkahing gamitin ang **Public Health Emergency (PHE)** na terminong ginagamit sa buong daigdig kaugnay ng isang malaking problemang pangkalusugan. Kung nais sa Filipino, alternatibo ang **Kalagayang Pang-emergency sa Publikong Kalusugan** o **Kalagayan ng Pampublikong Kalusugan na Kailangan ng Kagyat na Tugon**.

*Sa bisa ng Proklamasyon Blg. 922 ng Tanggapan ng Pangulo ng Filipinas, idineklara ang Public Health Emergency noong 8 Marso 2020 upang mas mabilis na matugunan ang lahat ng pangangailangan kaugnay ng COVID-19.*

*Updated as of 20-March-2020, 7:30pm*



## Q

### **quarantine (kuwarantena, kuwarantín)**

Pagbabawal sa mga táong walang sakit na umalis sa isang lugar sa isang tiyak na panahon, upang maobserbahan ang posibilidad na nahawahan sila dahil sa kanilang pagkakatamtam sa isang/mga táong may nakahahawang sakit. Isang paraan ito ng pagpigil sa pagkalat ng sakit. Itinatakda ang tagal ng kuwarantena ng mga dalubhasa sa nakahahawang sakit depende sa katangian ng sakit, at sa kaso ng epidemya o pandemya, maaaring ipataw ito ng pamahalaan sa mamamayan nito.

Tingnan ang **pagbubukod (isolation), awtokuwarantena (self-quarantine)**, at **kuwarantenang pangkomunidad (community quarantine)**.

*Sumailalim sa 14 na araw na kuwarantena ang lahat ng sakay ng barkong Diamond Princess na dumaong sa Japan.*

## R

### **Research Institute for Tropical Medicine (RITM)**

Sangay ito ng Department of Health (DOH) na may pangunahing tungkuling kaugnay ng pagpapalano at pagpapatupad ng mga programang saliksik para sa mga nakahahawa at tropikong sakit. Itinatag ito noong 25 Marso 1981 sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 674.

Gamitin ang Research Institute for Tropical Medicine (RITM) dahil ito ang mas kilalang pangalan. Ngunit kung nais ang Filipino, maaarin gamitin ang **Linangan ng Saliksik para sa Tropikong Medisina**.

*Ang Research Institute for Tropical Medicine (RITM) ay ang tanging ahensiya na nangangasiwa sa pagsasagawa ng test at pagbibigay ng kumpirmasyon kung ang isang pasyente ay positibo sa COVID-19.*

## S

### **sanitizer (panlinis)**

Likido (tulad ng hand sanitizer) o makina na ginagamit na panlinis nang mapuksa ang bakteryang nagdudulot ng sakit.

### **self-quarantine (awtokuwarantena)**

Isang uri ng kuwarantena na ipinapagawa sa mga táong naglakbay mula sa isang lugar na napabalitang may nakahahawang sakit tulad ng COVID-19. Kabilang sa mga restriksiyon sa loob ng 14 na araw ang sumusunod: paglabas sa kuwarto o bahay, pagdalo sa mga publikong pagtitipon at okasyon tulad ng misa, pisikal na kontak sa mga tao, at paggamit ng mga kasangkapang gamit ng iba. Tingnan ang **community quarantine (paglaganap sa komunidad)**.

## **síntomás (symptoms)**

Mga katangian at pahiwatig ng isang sakit na nakikita sa isang pasyente.

May sintomas ka ba ng COVID-19?

- lagnat
- pagkaramdam ng matinding págod
- tuyông ubo
- pasinghap o kapós na paghinga.
- pananakit ng kasukasan, baradong ilong, tumutulòng sipon, magâ at masakit na lalamunan, o pagtatae (sa ilang pasyente).

## **sintomátikó (Symptomatic)**

Ito ang yugto ng sakít na mayroon nang sintomas na nakikíta sa táong nagtataglay ng isang partikular na sakít. Tingnan ang **presintomátiká (pre-symptomatic)** at **asintomátikó (asymptomatic)**.

*Ayon sa World Health Organization (WHO), sintomatiko ang isang pasyenteng hinihinalang may COVID-19 kung siya ay may lagnat, nakararamdam ng matinding págod, may tuyông ubo, at pasinghap o kapós ang paghinga. May ilang pasyente ring nakararanas ng pananakit ng kasukasan, baradong ilong, tumutulòng sipon, pamamagâ at pananakit ng lalamunan, o nagtatae.*

## **social distancing (pagpapanatili ng tiyak na distansiya sa isa't isa)**

Sa larang ng pampublikong kalusugan, isa ito sa natukoy na paraan ng pag-iwas sa paglaganap ng isang nakahahawang sakít na wala pang natutuklasang lunas tulad ng COVID-19. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tiyak na distansiya ng mga tao sa isa't isa, halimbawa, isang metrong layo o kapares ng súkat ng bisig ng isang tao (mulang kamay hanggang hugpungan ng balikat), na rekomendasyon ng Department of Health (DOH). Saklaw din ng social distancing ang ibinabawal—beso, pagkakamayan, yakap, parti, at pagdalo sa malaking pagtitipon. Bukod dito, maaaring isagawa rin ito sa pamamagitan ng **pagbubukod (isolation)** o **kuwarantena (quarantine)**.

## **T**

### **test kit**

Kasangkapang ginagamit sa pagsusuri ng isang kondisyong pangkalusugan. Tingnan ang **GenAmplify™**.

## **V**

### **virus**

Napakaliit na nakahahawang agent na maaari lamang dumami sa selyula (cell) ng buháy na haop, halaman, o bakterya. *Ang virus na nagdudulot ng COVID-19 ay ang SARS-CoV-2.*

## **W**

### **work from home (trabaho sa bahay)**

Espesyal na kasunduan sa empleo na pinapayagan ng kompanya ang empleado na magtrabaho sa sariling bahay batay sa napagkasunduang kondisyon.

*Dahil sa ipinatupad na kuwarantenang pangkomunidad upang mapigil ang paglaganap ng COVID-19, iminungkahi ang work-from-home ng mga empleado, sa pribado man o sa gobyerno.*

### **World Health Organization (WHO)**

Ito ay isang ahensiya sa pamamahala ng United Nations (UN) na itinatag noong 1948, na itinalagang tumugon sa mga pangangailangan kaugnay ng pagpapabuti sa lagay ng kalusugan ng mga mamamayan sa buong daigdig, gayundin, sa pag sasagawa ng mga hakbang sa pagpigil o pagkontrol sa nakahahawang mga sakit sa daigdig sa pamamagitan ng iba-ibang proyekto at programa.

Gamitin ang **World Health Organization (WHO)** na mas kilalang tawag sa buong daigdig. Kung nais sa Filipino, gamitin ang **Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan**.